

Unibersidad ng Pilipinas
Kolehiyo ng Sosyal-Sayans at Pilosopiya

DEPARTAMENTO NG LINGGWISTIKS

Ang Programang Ph.D. sa Linggwistiks

Bilang karagdagan sa mga rekwayrment na nasa Pangkalahatang Tuntuning sumasakop sa Programa ng Ph.D. Digri, kailangan ding mapunuan ang mga sumusunod:

Admisyon

Ang isang aplikante na dapat may M.A. digri ay kinakailangang magkaroon ng *average* na gradong 1.75 o mas mataas pa sa kanyang M.A. Kailangan ding mainterbyu siya ng Komite ng Programang Gradwado ng departamento.

Ang mga estudyanteng banyaga na hindi Ingles ang wikang sarili ay kinakailangang kumuha ng eksameng propisyensi sa Ingles o Filipino na ibinibigay ng tamang awtoridad o magpakita ng sertipikong TOEFL ng kanyang propisyensi.

Programang Pag-aaral

Sa loob ng unang semester ng unang taon ng estudyante sa programa, maghahanda ang Program Advayser/Komite ng isang programa ng pag-aaral sa pakikipagkonsulta sa estudyante. Ang anumang pagbabago sa nasabing programa ng pag-aaral ay dapat aprubahan ng Program Advayser/Komite.

Kung ang digring M.A. ay sa ibang disiplin, kailangang kumuha ang estudyante ng Linggwistiks 225, Linggwistiks ng Pilipinas 280 at 285 kung saan dapat magkaroon siya ng kabuuang *average* na gradong 1.50 o mas mataas dito.

Lahat ng estudyante ay kailangang kumuha ng mga kor korses (30 na yunit) at 6 na yunit ng kogneyt na maaaring piliin sa mga nakalista sa ibaba o sa alinmang kaugnay na disiplin. Dapat magkaroon siya ng kabuuang *average* na gradong 1.75 o mas mataas dito sa katapusan ng bawat taong akademiko.

Kailangang Wikang Pangreserts

Kailangang ipasa ng estudyante ang isang eksamen sa pagbasa ng mga materyales na linggwistiks na sinulat sa isang wikang pangreserts pagkatapos ng isang semester ng *full-time* na pag-aaral. Isang sertipikasyong nagpapatunay nito ang kailangang ipakita bago payagang makarehistro ang estudyante sa susunod na semester. Ang 'wikang pangreserts' ang wikang magagamit niya sa kanyang pananaliksik kaugnay ng kanyang pag-aaral. Ang wikang ito ay maaaring alinmang wika maliban sa Ingles, Filipino o sariling wika ng estudyante.

| Mga kor korses | Mga Korses | Yunit |
|--------------------------------|---|----------|
| *Linggwistiks 225 | Mga Pangfild na Metod sa Linggwitiks | 3 |
| *Linggwistiks ng Pilipinas 280 | Istruktura ng Isang Wika sa Pilipinas | 3 |
| *Linggwistiks ng Pilipinas 285 | Istruktural na Pagkokompara ng mga Wika sa Pilipinas | 3 |
| Linggwistiks ng Pilipinas 302 | Histori ng Linggwistiks ng Pilipinas | 3 |
| Linggwistiks ng Pilipinas 345 | Leksikograpi sa Pilipinas | 3 |
| Linggwistiks ng Pilipinas 346 | Mga Gramatikal na Analisis ng mga Wika sa Pilipinas | 3 |
| Linggwistiks ng Pilipinas 365 | Dayakronik na Pagkokompara ng mga Wika sa Pilipinas | 3 |
| Linggwistiks ng Pilipinas 366 | Taypolojikal na Pagkokompara ng mga Wika sa Pilipinas | 3 |
| Linggwistiks ng Pilipinas 380 | Dayalektoloji sa Pilipinas | 3 |
| Linggwistiks ng Pilipinas 385 | Ang Paggugrupo ng mga Wika sa Pilipinas | 3 |
| Linggwistiks ng Pilipinas 390 | Mga Piling Problema sa Linggwistiks sa Pilipinas | 3 |
| Linggwistiks 396 | Seminar: Mga Gramatikal na Teyorya | 3 |
| Linggwistiks 399 | Reserts | <u>3</u> |
| | | 39 |
| Mga kogneyt korses ** | | |
| Linggwistiks 301 | Histori ng Linggwistiks | 3 |
| Linggwistiks 335 | Transformeysiyonal na Teyorya | 3 |
| Linggwistiks 386 | Seminar: Linggwistiks sa Timog-Silangang Asya | 3 |
| Linggwistiks ng Pilipinas 360 | Saykolinggwistiks sa Pilipinas | 3 |
| Linggwistiks ng Pilipinas 370 | Sosyolinggwistiks sa Pilipinas | 3 |
| Linggwistiks ng Pilipinas 375 | Etnolinggwistiks sa Pilipinas | 3 |
| Disertasyon | | |
| Linggwistiks 400 | Disertasyong Ph.D. | 12 |

* Mga karagdagang korses na kailangan kunin ng estudyante na ang M.A. ay sa ibang disiplina, hindi sa Linggwistiks.

** Pwedeng mamili ng 2 kogneyt korses (6 na yunit) na nakalista dito o sa alinmang kaugnay na disiplina

(Kasalukuyang program na nirebisa sa Miting ng Fakulti ng Departamento noong 7 Hulyo 1999).